Long Service Corporation

Industrya ng Nakontratang Paglilinis
(Contract Cleaning Industry)

# GABAY NG MANGGAGAWA
# (WORKER GUIDE)

## Ano ang long service leave (pagliban sa mahabang serbisyo)?

Ang long service leave ay isang benepisyo na makukuha ng mga karamihang manggagawa sa NSW, kung saan dalawang (2) buwan ng may-bayad na pagliban ay maaaring makuha pagkatapos ng 10 taon ng pagtatrabaho sa isang taga-empleyo, at isang (1) buwan ng may-bayad na pagliban sa bawat limang (5) taon ng pagtatrabaho pagkatapos ang unang 10 taon.

## Bakit naiiba ang industrya ng paglilinis?

Sa industrya ng paglilinis pambihira ang mananatiling nagtatrabaho sa iisang taga-empleyo ng 10 taon. Upang matiyak na ang mga manggagawa sa paglilinis ay makakatanggap ng katulad na benepisyo, isang pamamaran ng nadadalang (portable) long service leave ay itinayo.

## Ano ang Long Service Corporation?

Ang Long Service Corporation (LSC) ay isang ahensya sa batas ng Pamahalaan sa NSW na responsable sa pamamahala ng mga pamamaraan ng portable long service para sa mga manggagawa sa mga industrya ng nakontratang paglilinis, gusali at konstruksyon.

## Ano ang kahulugan ng portable long service?

Ito ay nangangahulugan na ang iyong long service record ay nakabase sa pagtatrabaho sa industrya ng paglilinis sa NSW, kahit ilang mga taga-empleyo ka nagtrabaho sa kwalipikadong paglilinis. Ang iyong mga makukuhang benepisyo sa mahabang pagserbisyo (long service) ay patuloy na lumalago habang ikaw ay gumagawa ng kwalipikadong pagtatrabaho sa industrya ng paglilinis.

## Pagtatrabaho sa labas ng NSW

May separadong pamamaraan para sa mga nagtatrabaho sa industrya ng nakontratang paglilinis sa Queensland (QLD), sa Australian Capital Territory (ACT) at sa Victoria (VIC). Kung nagtrabaho ka sa QLD, ACT o VIC maaari kang kwalipikadong magparehistro ng long service scheme sa estado o teritoryong ito. Ang mga pagtatrabaho na nai-record sa ibang estado ay maaaring kilalanin ng LSC para sa mga layunin ng pagpapatuloy ng pagkarehistro at pagkwenta ng mga matatanggap na benepisyo sa pagkakabayad ng long service.

Paala-ala: Ang mga probisyon sa batas ng Pamaraan ay hindi kasali ang lupain ng Komonwelt, kaya ang mga pagtatrabaho sa mga lupain o lugar ng Komonwelth ay hindi maitatala.

Kaya mahalaga na tingnan mo ang iyong Annual Statement (Taunang Pahayag) at tiyakin na palaging up-to-date ang mga detalye ng iyong kontrata.

## Magkano ang magastos?

Walang babayaran ng mga sahurang manggagawa para sa Pamamaraan dahil ang mga levies (buwis) ay babayaran ng mga taga-empleyo at kontraktor sa industrya.

## Kailan ako maaaring magliban?

### Paglisan sa industrya

Kung ikaw ay nakaipon nang hindi kukulang sa limang (5) taon na kinilalang paglilingkod sa LSC at permanenteng umalis na sa pagtatrabaho sa industrya ng nakontratang paglilinis, maaari kang magsumite ng pormang Application for Payment - Permanently Ceasing Worker.

- Ang isang paghahabol (claim) ay maaari lamang na gagawin pagkalipas ng 10 linggo mula sa permanenteng paglisan mo mula sa industrya
- Maihihinto ang iyong pagkarehistro sa LSC bilang maggagawa kung gumawa ka ng paghahabol sa ganitong paraan
- Maibabawas ang buwis mula sa iyong bayad sa nararapat na halaga ng pinakamababang rata ng buwis.

Pananatili sa industrya

Kung nakaipon ka na ng hindi bababa sa 10 taon na kinikilalang pagserbisyo sa LSC at gusto mong kumuha ng long service leave, maaari kang magsumite ng porma sa Application for Payment - Staying in the Industry Worker.

- Dapat kang magbakasyon kung kwalipikado ka sa paghahabol ng isang ”staying in the industry claim”
- Makipag-usap ka sa iyong taga-empleyo para sa mapagkasunduang panahon ng pagliban o pagbakasyon (leave) bago gumawa ng aplikasyon at ang panahon ng pagliban ay nasa hindi bababa sa dalawang (2) linggo
- Ikaw ay mababayaran lamang sa kadami ng linggong pagliban o pagbakasyon
- Ang kakaltasing buwis mula sa iyong kabayaran ay nasa nararapat na rata ng pinakamaliit na buwis.

## Ano ang dapat kung gawin?

- Pagparehistro – Tiyakin na ang iyong taga-empleyo ay may tamang numero ng rehistrasyon, personal na email address, numero ng telepono at address. Kailangan nila ng mga ito sa pagpaparehistro ng iyong serbisyo sa LSC.
- I-update ang iyong mga detalye para makontak – Kami ay mag-email ng mahalagang impormasyon sa iyo tungkol sa iyong mga naka-record na pagserbisyo. Tingnan at i-update ang iyong mga detalye sa www.longservice.nsw.gov.au/online-portal
- Tingnan ang iyong Annual Statement )Taunang Pahayag) – Bawat taon, ang iyong ”statement” ay makikita sa online at nagpapakita ng iyong naka-rekord na serbisyo. Tingnan upang matiyak na ang lahat na iyong mga pagtrabaho sa paglilinis ay nakarekord dito sa statement.

## Ano ang kaibahan ng long service sa superannuation?

Ang superannuation ay isang pondo para sa pagreretiro mo na hinuhulugan ng iyong taga-empleyo. Ang Portable Long Service ay isang pangkalahatang inipong mga pondo na pinapatubo para sa lahat ng mga manggagawa, na hindi direktang nakadeposito sa iyong pangalan. Kung may matagal ka nang pagseserbisyo, maaari kang maghabol, magbakasyon mula sa iyong trabaho at babayaran ka namin.